Isang Buod ng mga Komperensiya na Pinamumunuan ng Mag-aaral

Edukasyon sa Middle Level
Distrito ng Paaralan sa Anchorage

Ang mga mag-aaral sa middle school ay lumalahok sa spring (taglagas) at fall (tagsibol) sa mga komperensiya na pinamumunuan ng mag-aaral. Kami ay naniniwala na sa pamamagitan ng paglahok ng mag-aaral sa mga komperensiya, nagiging aktibo ang matuto sa paaralan, nabibigyan ang mga mag-aaral ng mga oportunidad na pag-isipan ang kanilang sarili at **suriin** ang kanilang nagawa, at nahihikayat sila na tanggapin ang pananagutan para sa kanilang pag-aaral.

Hindi kailangang maghintay sa mga mahabang pila upang makipagkita sa mga guro sa panahon ng mga komperensiya dahil ang bawat pamilya ay binibigyan ng takdang panahon para sa appointment na isasagawa sa dalawang hapon at gabi. Tinatawagan nang maaga ng mga guro sa team ang mga pamilya upang mag-iskedyul ng beynte-minutong panahon para sa komperensiya sa mainam na panahon.

Bilang paghahanda para sa mga komperensiya, gumagawa ang mga mag-aaral ng isang portfolio na nagpapakita ng kanilang ginawa mula sa lahat ng kanilang mga pangunahing klase sa loob ng semester. Isinasagawa ng mga mag-aaral ang komperensiya at pinag-uusapan nila ang kanilang mga kakayahan at mga natutunang proseso, at ibinabahagi nila ang mga layuning itinakda nila upang pahusayin pa ang kanilang mga sarili. Sila ay tinuturuan kung paano pumili ng trabahong kumakatawan sa kanilang ginawa, kung paano magsulat ng mga pagtatasa tungkol sa kanilang sarili, at kung paano idiyagnos ang kanilang mga sariling lakas at kahinaan. Mahalaga na naroroon ang inyong anak upang pamunuan ang kanyang komperensiya.

Sa mga araw ng komperensiya, ang mga mag-aaral ay pinapauwi nang maaga upang maitanghal ang mga komperensiya sa hapon at gabi. Naroroon din ang core teachers (mga guro sa mga pangunahing subject) habang isinasagawa ang mga komperensiya na pinamumunuan ng mga mag-aaral upang magbigay ng suporta sa mga mag-aaral at mga magulang; gayunman, hindi sila nananatili para sa buong panahon ng komperensiya. Mayroon din kayong pagkakataong makausap ang mga PE at Elective teachers at mga tauhan mula sa Special Education, Bilingual/ESL, at Indian Education. Magkakaroon din ng mga counselor.

Ang lahat ng mga guro, mga estudyante, at mga magulang ay may ginagampanang mahalagang tungkulin sa mga komperehensiyang pinamumunuan ng mag-aaral. Ngayon pa lamang ay nagpapasamalamat na ako para sa inyong suporta sa edukasyon ng inyong anak sa isang napakahalagang paraan. Ikinagagalak naming makita kayo.